

# 03 【Reperensiya】Sitwasyon sa Koshigaya

Impormasyon hanggang Disyembre 1, 2025

## 1 Populasyon ng Koshigaya (ayon sa edad at household type)


Ang populasyon ng Koshigaya ay patuloy na tumatanda at 25% sa residente ay nasa edad na 65 na taon at pataas. Malaki ang pagbabago o shift sa istraktura ng populasyon. Sa ngayon halos 10% lang sa buong populasyon ay mga bata.
Makikita rin na dumadami ang single-person households at households na binubuo lamang ng mga matatanda. Sa mga dayuhang residente naman, makikita na marami ang mga nagtatrabaho at nagpapalaki ng mga anak, ngunit makikita rin na unti-unting dumadami ang populasyon ng dayuhang residente na matatanda.





## 2 Satus ng dayuhang residente

Ayon sa rekord noong Disyembre 1, 2025, may 10,082 ka dayuhang residente na nakatira sa Koshigaya. 3% ito sa kabuuang populasyon ng siyudad, at ang ratio ng mga dayuhan at Hapon na residente ay 1:35. May dayuhang residente rin sa bawat distrito na sakop ng Koshigaya. Sa ngayon, lahat ng distrito na sakop ng Koshigaya ay may nakatirang dayuhang residente.




## 3 Mga dayuhang residente ayon sa bansa atbp.

Ang mga dayuhan na nakatira sa Koshigaya ay mula sa iba't-ibang bansa. Ang pinakamarami sa populasyon ng mga ito ay mula sa bansang China. At sinundan ito ng bansang Vietnam, Philippines, South Korea, at Indonesia.




令和8年（2026年）3月発行　越谷市市民協働部市民活動支援課

# Plano sa Pagtaguyod ng isang Multikulturang Pamayanan sa Koshigaya

### Buod ng Pangalawang Yugto

# 01 Background at kahalagahan ng pag-udate ng plano

## 1 Layunin ng paggawa ng plano

Tulad ng ibang munisipalidad, patuloy ang pagtaas ng populasyon ng mga dayuhang residente sa Koshigaya. Noong 1989, ang populasyon ng mga dayuhan sa Koshigaya ay 1, 360 ka tao lamang. Ngunit, sa taon 2019, umabot ito ng 7, 006 ka tao. At noong Disyembre 2025, naging 10, 082 ka tao mula sa ibang bansa ang naniniraha sa Koshigaya. Sa bilang na ito, 2.95% (mula sa 92 ka mga bansa) ng buong populasyon sa Koshigaya ay may dayuhang nasyonalidad.
Simula noong taon 2020, nagkakaroon ng iba't-ibang proyekto at inisyatibo sa Koshigaya base sa unang yugto ng [Plano sa Pagtataguyod ng isang Multikulturang Pamayanan sa Koshigaya]. Isa sa mga ito ang pagkakaroon ng multilingwal na suporta sa mga nakatakdang opisina ng city hall at mga proyekto sa pagtataguyod ng isang multikulturang pamayanan.

- **Pag-review ng mga inisyatibo at proyekto**
- **Pagbibigay konsiderasyon sa takbo ng modernong lipunan**
- **Kasalukuyang estado/sitwasyon ng Koshigaya, pag-incorporate ng opinyon ng publiko**

➡ **Pagkakaroon at pagkamit ng isang pamayanan na may pagkakaintindihan at kung saan ang lahat ay magkakaroon ng seguridad at mapayapang pamumuhay.**

## 2 Pag-posisyon ng plano

Ang plano na ito ay binuo base sa ika-5 na comprehensive development plan ng Koshigaya at sa tema na pag-promote ng pagbuo ng isang komunidad na may pakikipag-ugnayan sa kabila ng pagkakaroon ng iba't-ibang kultura o backgrounds, at sa patuloy na paglago ng komunidad sa pamamagitan ng pakikilahok at pagkakaroon ng kolaborasyon ng bawat residente.
Naging basehan din sa planong ito ang **Plan for the Promotion of Muliticultural Coexistence in Local Communities (revised in 2020, Ministry of Internal Affairs and Communications)** at ang **Saitama Prefecture Multicultural Coexistence Promotion Plan** habang binibigyan ng konsiderasyon ang kasalukuyang estado at mga isyu ng siyudad.

## 3 Hanggang kailan ang pagpapatupad ng plano

Ang pagpapatupad ng planong ito ay sa loob ng 5 taon (2026 ~ 2030). Ngunit, mangyaring bigyan ito ng muling pagmamasid depende sa pagbabago ng estado ng ekonomiya ng siyudad at kamalayang pang-sebiko.

# 02 | Mga pananaw para sa isang multikulturang pamayanan

## Pangunahing konsepto ng plano

**Pagrespeto at paggalang sa kaibahan ng bawat isa at pagbuo ng isang komunidad kung saan ang lahat ay mapayapang maninirahan sa Koshigaya**

Layunin ng plano 1: Pagbuo ng isang komunidad na mayroong maayos na komunikasyon

Layunin ng plano 2: Pagbuo ng isang komunidad na ligtas at kumportable ang pamumuhay

Layunin ng plano 3: Pagbuo ng isang komunidad kung saan ang bawat isa ay may oportunidad na sumali at makikilahok sa komunidad



## 1 Pagbuo ng isang komunidad na mayroong maayos na komunikasyon

Layunin na makapaghatid ng kinakailangang impormasyon para sa lahat kahit man magkaiba ng salita at kultura; pagtayo ng mga lugar kung saan pwedeng kumonsulta at humingi ng tulong atbp. kung kinakailangan; pagbibigay ng sapat na suporta sa lahat upang maging isang komunidad na may maayos na komunikasyon at paghatid ng impormasyon.

**Unang hakbang sa pagkamit ng layunin**

### Paggawa ng multilingwal na impormasyon at pagpapahusay ng consultation services

Pagbibigay ng anunsyo, paunawa at impormasyon na kinakailangang sa pag-araw-araw na nakasulat sa iba't-ibang wika at simple Japanese. Pagbutihin ang mga serbisyo at pagkakaroon ng mas mahusay na consultation services na pwedeng mapuntahan at mahihingian ng tulong kung kinakailangan.

**Pangalawang hakbang sa pagkamit ng layunin**

### Suporta na may kaugnayan sa wikang Hapon

Magbibigay ng suporta kaugnay sa pag-aaral ng wikang Hapon na magagamit sa pang-araw-araw at sa trabaho sa pamamagitan ng pagpapabuti ng Japanese language classes at pagpapadami ng mga ito, Magbibgay rin ng Japanese language support para sa mga bata at sa mga magulang nito.

**Pangatlong hakbang sa pagkamit ng layunin**

### Suporta na may kaugnayan sa pag-unawa ng Japanese society

Ipaliwanag ng husto upang lalong mas maintindihan ang sestema sa paaralan, mga paghahanda kaugnay sa kalamidad, mga rules na umaayon sa pang-araw-araw, at iba pa. At upang maging kumportable ang paninirahan ng lahat, magbibigay din ng oportunidad upang magkaroon ng kaalaman sa pamumuhay sa lokal na komunidad.

## 2 Pagbuo ng isang komunidad na ligtas at kumportable ang pamumuhay

Pagbuo ng isang komunidad kung saan ang lahat ay ligtas at kumportable lalo na kung kaugnay sa pagpapalaki at edukasyon ng bata, healthcare, paghahanda sa kalamidad, tirahan, trabaho at iba pa upang mabawasan o mawala ang mga pag-alala.

**Unang hakbang sa pagkamit ng layunin**

### Pag-aalaga, pagpapalaki at edukasyon ng bata

Pagbibigay ng sapat na suporta lalo na sa pag-aaral ng wikang Hapon at akademikong pag-aaral ng mga batang hindi Japanese o wikang Hapon ang katutubong wika.

**Pangalawang hakbang sa pagkamit ng layunin**

### Paghahanda sa kalamidad at pag-iwas sa krimen

Sa pamamagitan ng paggamit ng mga apps, flyers at iba pa, magbibigay ng impormasyon kaugnay sa paghahanda sa kalamidad, pag-iwas krimen atbp. na nakasulat o pwedeng mabasa sa iba't-ibang wika. Makikipagtulungan din sa lokal na komunidad upang magkaroon din ng sistema kung saan maging ligtas ang lahat kahit sa panahon ng emergency.

**Pangatlong hakbang sa pagkamit ng layunin**

### Medical care, Healthcare, at Welfare

Pabibigay ng impormasyon kaugnay sa healthcare provider at welfare programs na madaling maintindihan ng lahat. Pagkakaroon ng koneksyon at pakikipagtulungan sa mga organisasyon upang makabuo ng sistema sa pagbibigay ng suporta kung kinakailangan.

**Pang-apat na hakbang sa pagkamit ng layunin**

### Bahay at tirahan

Pagbibigay impormasyon, pagtanggap ng konsultasyon at pangkalahatang suporta kaugnay sa mga pabahay o tirahan upang mabawasan ang mga pag-alala at makahanap o magkaroon ng tirahan.

**Pang-limang hakbang sa pagkamit ng layunin**

### Trabaho at hanapbuhay

Pagbibigay ng impormasyon at pagkakaroon ng **consultation services and support** kaugnay sa pagtatrabaho. Makipag ugnayan din sa iba't-ibang organisasyon upang magkaroon ng **working environment** na kumportable.

## 3 Pagbuo ng isang komunidad kung saan ang bawat isa ay may oportunidad na sumali at makikilahok sa komunidad

Pagkakaroon ng isang komunidad kung saan ang lahat ng residente ay may oportunidad na maipakita ang galing at talento. At pagkakaroon ng oportunidad para sa dayuhang residente na mabigyan ng pagkakataon na magamit ang kanilang talento atbp. sa pagpa-unlad at pagbuo ng isang multikulturang pamayanan.

**Unang hakbang sa pagkamit ng layunin**

### Partisipasyon ng mga dayuhang residente sa komunidad

Palawakin ang oportunidad na makasali o maging bahagi ang mga dayuhang residente sa mga aktibidad at pagbuo ng komunidad. Pagkakaroon ng mga inisyatibo kung saan ang mga opinyon ng mga ito ay mapapakinggan at maisama sa pamalakad ng munisipalidad.

**Pangalawang hakbang sa pagkamit ng layunin**

### Pagpapalawak ng kaalaman tungkol sa isang multikulturang pamayanan

Palawakin ang kaalaman kaugnay sa isang multikulturang pamayanan sa pamamagitan ng mga seminar, kaganapan o events at iba pa.

**Pangatlong hakbang sa pagkamit ng layunin**

### Pagtataguyod at pagkakaroon ng mga lider na may iba't-ibang background atbp.

Pagkakaroon ng training ng mga boluntaryo na pwedeng maging lider o mamumuno sa pagpapalaganap ng isang multikulturang pamayanan. At paghahanda ng mga pagkakataon at lugar para sa mga may iba't-ibang background upang ang mga ito ay makapag-bahagi ng kanilang galing at talento.

**Pang-apat na hakbang sa pagkamit ng layunin**

### Pagkakaroon ng network ng mga lider / koordineytor

Pagkakaroon ng network ng mga lider sa bawat lokal na organisasyon kasama ang mga lider sa mga foreign resident communities upang mapadali ang pagpapalaganap ng anunsyo at impormasyon at magkakaroon ng mga koneksyon.

**Pang-limang hakbang sa pagkamit ng layunin**

### International exchanges sa lokal na komunidad

Palawakin ang koneksyon ng mga dayuhan at lokal na residente sa pamamagitan ng iba't-ibang exchange activites at mga events. At patuloy na pagbibigay ng oportunidad na magkakaroon ng madalas na interaksyon sa araw-araw.

**Pang-anim na hakbang sa pagkamit ng layunin**

### International exchanges sa ibang bansa

Pagkakaroon ng exchanges sa ibang bansa at mga organisasyon atbp. Pag-promote at pag-highlight ng magagandang katangian ng siyudad upang mapapalawak ang pagkakaunawaan ng bawat pangkat.